

Prologue

Dumating na ang araw na kinatatakutan ni Coleen. It was the day she would come face to face with her handsome, charming, sweet, funny husband of six months. The same handsome, charming, sweet, funny husband she caught cheating on her last week.

Walangyang talipandas na 'yun!

It had been their monthsary at nagpasya siyang surpresahin ang asawa. Nag-takeout siya ng pagkain mula sa paborito nitong restaurant at nagdala pa ng isang bote ng wine. She also wore a new set of sexy underwear beneath her prim and proper clothes dahil balak niyang magpa-seduce sa asawa sa mesa nito sa opisina, provided she could get her dad, who was her husband's boss, to give them privacy.

But when she got there, may kayakap na itong ibang babae at nasa kalagitnaan na ng isang maalab na halik.

Pakiramdam ni Coleen ay dinukot nito ang puso niya mula sa loob ng kanyang dibdib saka iyon hinagis ng lalaki at ng haliparot nitong kabit sa sahig bago iyon inapak-apakan.

She had run that day, dahil nasaktan siya, dahil nainsulto siya, at dahil napahiya siya. Pakiramdam ni Coleen, buong pagkatao niya ang ginago ni Seth.

Pinayagan niyang umiyak ang sarili pero sa huli, pinilit niyang bumangon. Lalaki lang ito. Hindi na baleng ito ang kauna-unahang lalaking minahal niya. Maraming nakapila para pumalit dito sa buhay at sa puso niya.

She had spoken to her lawyer to seek legal assistance with regard to getting an annulment. In turn, her lawyer was the one who got in touch with Seth who wanted to talk to her and her father first before they all decide on a course of action.

Ayaw na sanang makipagkita ni Coleen dito dahil hindi niya alam kung ano ang mangyayari. Knowing herself, it could go both ways. Maaaring bigla na lang niya itong saksakin ng ballpen sa galit niya o magmakaawa siya na kalimutan na lang nila ang lahat at subukan nilang ayusin ang relasyon nila. Either way, she wouldn't be happy with herself afterwards.

Pinisil ng daddy niya ang kamay niya na nakahawak sa braso nito. "Are you all right, princess?"

Tumango si Coleen kahit pa nasusuka siya sa kaba. Hindi niya tiningnan ang ama. Sa halip, nanatili siyang nakatingin sa harapan habang papunta sila sa

conference room kung saan naroon na si Seth.

“Don’t worry. It’s going to be okay,” sabi nito na puno ng confidence ang tinig. Buti pa ito, buo ang tiwala sa kanila ni Seth samantalang siya, hindi na niya alam kung paano pa muling magtiwala sa asawa. O sa sarili niya. Paano pa siya magiging confident ulit na tama ang mga desisyon niya pagdating sa mga lalaki pagkatapos nito?

Bumilis ang tibok ng puso ni Coleen nang mapatingin siya sa glass wall na naghihiwalay sa conference room at sa hallway. Automatic na nagtungo kay Seth ang mga mata niya.

Magulo ang buhok nito na para bang ilang beses nitong sinuklay iyon ng mga daliri. He was wearing a dark blue suit, a gray shirt and a light blue tie. Napakaguwapo nito sa kanya kahit pa madilim ang ilalim ng mga mata nito, senyales na, tulad niya, ilang araw na rin itong hindi natutulog nang maayos. Mukhang ilang araw na rin itong hindi nag-aahit.

She couldn’t stop herself from remembering the feel of his stubble on her skin every time he woke her up with kisses right before he made love to her—

Marahas na napalunok si Coleen at nag-iwas ng tingin. Kung magpapakahina siya ngayon at magpapadala sa kagustuhang magpatawad at sa pagkamiss niya rito, mawawalan siya ng respeto sa sarili.

Tumayo ang lalaki nang pumasok sila ng daddy niya. “Good morning po,” bati ni Seth.

“Good morning, hijo,” sabi rin ng kanyang ama na

nakipagkamay rito.

“Coleen,” mahinang tawag ni Seth sa kanya nang hindi man lang niya ito tingnan. Garalgal at puno ng emosyon ang mababa nitong tinig. “Coleen, kausapin mo naman ako.”

Sa wakas ay tiningnan niya ito. Her heart hurt at the vulnerable expression on his face and that made her angry. Ito ang nangaliwa, di ba? Bakit parang ito pa ang nahihirapan ngayon sa sitwasyon nila?

“Hintayin na lang natin ’yung mga abogado,” matalas niyang saad bago naupo sa isa sa mga upuan sa tapat nito.

“Actually,” simula ng daddy niya na naupo sa dulo ng mesa. “Hindi ko ito ipinaalam kay Attorney Sarreal. At sinabihan ko rin si Seth na hindi niya kailangang magsama ng abogado.”

“What?” bulalas ni Coleen. “Bakit? Dad, I told you I want to start annulment proceedings!”

“And I told you you’re not going to start anything without talking to him and trying to fix this together.”

Pakiramdam niya pinagtaksilan din siya ng sariling ama. “Dad, he cheated on me! Bakit ngayon parang sa kanya ka pa pumapabor?”

“Nakausap ko na si Seth. Ipinaliwanag niya sa ’kin ang nangyari. And if you just listen to him—”

She slammed the side of her fist on the tabletop in anger. “I don’t want to listen to him! Dad, why are you doing this?”

“Because I don’t want you to make the same mistakes I did,” mariin nitong saad.

Her father's tone and the pain in his eyes shut her up. Siguro iyon talaga ang weakness ni Coleen, malambot ang puso at maawain siya pagdating sa mga lalaking mahal niya.

Hiwalay rin ang mga magulang niya dahil nahuli ng daddy niya na may kasamang ibang lalaki ang mommy niya. Itinakwil nito ang asawa at inilayo si Coleen dito noong five years old siya. Hindi ito nakinig sa mga paliwanag ng mommy niya hanggang sa nalaman na lang nitong ang lalaking "ka-date" ng mommy niya nang araw na iyon ay ang donor pala nito para sa bone marrow transplant na kailangan nito.

Inayang mag-lunch ng mommy niya ang lalaki para magpasalamat dito. Ni hindi alam ng daddy niya na may sakit pala ang asawa. Nalaman na lang nito ang pagkakamali nang ibalita rito na namatay na raw ang mommy niya sa sakit na leukemia.

Inabot ng daddy niya ang kamay ni Coleen. "I only want what's best for you, princess. All I want is for you to be happy. Ayokong sa huli pagsisihan mo ang mga bagay dahil naging mas mahalaga sa 'yo ang pride mo."

Namuo ang luha sa kanyang mga mata. Pakiramdam kasi niya ay napipilitan siya. Sariwa pa sa puso niya ang sugat na dulot ng nahuli niyang pagtataksil ni Seth. She didn't want to forgive him. She wanted to stay angry. May karapatan naman siguro siya. So no, she wasn't going to forgive him that easily, not for bruising her pride and not for breaking her heart.

"I don't want to do this," pagmamakaawa niya na maliit ang tinig.

“Just give him a chance to explain,” pagsusumamo ng kanyang ama. “If you’re unable to patch things up, then we’ll do what you want to do.”

Her bottom lip trembled and she hated it. Pero nilingon niya si Seth at matalim itong tiningnan.

“Kung may sasabihin ka, sabihin mo na ngayon. Makikinig lang ako dahil sinabi ng daddy ko.”

Sinulyapan ni Seth ang kanyang ama bago siya muling tiningnan. “No.”

“Anong ‘no?’” singhal niya.

“Alam kong sasabihin mo ’yan, na makikinig ka lang sa ’kin dahil kay Dad. So no, we’re not going to do this here.”

Nagliyab ang mga mata ni Coleen. “At sino ang nagsabi sa ’yo na makakausap mo pa ako pagkatapos ng araw na ito?”

“Our prenup.”

“What?”

Nagkibit-balikat ang lalaki. Dati, maging ang pagkibit-balikat nito ay sexy sa kanya. Ngayon... sexy pa rin ang kilos na iyon ni Seth, dammit!

“Nasa pre-nup natin na kapag nagkaroon tayo ng problema at isa sa ’tin ang gustong makipaghiwalay, the other party will be given one month to try to fix the relationship before the annulment proceedings can be started.”

Nagkuyom ang mga kamao ni Coleen. *Stupid prenuptial agreement!* “Ano ngayon ang gusto mo? One month na marriage counseling?”

When the corners of his gorgeous mouth lifted in a

naughty, knowing smile, nanikip ang dibdib ni Coleen at uminit ang sikmura niya. Hindi lang dahil kinabahan siya sa puwedeng ibig sabihin ng expression na iyon ni Seth, but because that was how she always responded when he smiled like that.

And when he spoke, she knew exactly why she was nervous.

“Hindi pa tayo talaga nagha-honeymoon, Coleen. So I want a real one. If you go on a one-month honeymoon vacation with me, then we can talk.”



Chapter *One*

Panay ang sulyap ni Seth kay Coleen habang sakay sila ng helicopter papunta sa isla kung saan sila mananatili nang isang buwan para subukang ayusin ang relasyon nila.

Narinig siguro hanggang Aparri ang hindi makapaniwalang “What?!” ng asawa noong manghingi siya ng honeymoon habang nag-uusap sila kasama ang ama nito.

Sinabi lang naman niya iyon dahil gusto niyang makakuha ng reaksiyon. Alam niyang hindi papayag si Coleen na sumama sa kanya para ituloy na ang honeymoon nila.

Biglaan ang kasal nila kaya hindi sila nagkaroon ng pagkakataong makapagbakasyon talaga. Nagpaplano sila ng engrandeng late honeymoon sana para sa first wedding anniversary nila, pero tiyak na hindi iyon

matutuloy kung hindi nila mapaplantsa ang gulong ito. Sisiguruhin na lang ni Seth na bago matapos ang isang buwan, maaayos nila ang relasyon nila.

He didn't cheat on Coleen, mamatay man siya. Hindi ganoong klase ng lalaki si Seth Ledesma.

Iyong eksenang nasaksihan nito, hindi iyon kissing scene. Siguro masyado lang itong nabulag ng galit kaya hindi nito nakitang nanlalaban siya sa mga bisig ng ex-girlfriend niya nang bigla na lang siyang sinibasib ng halik ng babae.

Hindi niya magagawang lokohin ang baby niya. Hindi niya kayang saktan si Coleen at lalong hindi niya ito basta-basta na lang pakakawalan.

Kaya hayun, binraso na niya ito. Ginamit niya ang clause na iyon sa prenup nila na nagbigay sa kanya ng karapatang makipag-ayos dito bago pa ito makagawa ng paraan para tuluyang makipaghiwalay sa kanya.

“Ayan na 'yung isla,” sabi niya sa mic na nakakabit sa suot niyang headset sabay turo sa karagatan sa labas ng bintana ng helicopter.

Tiningnan lang ng asawa ang itinuro niya pero as expected, hindi ito umimik. Nagngalit lang ito ng ngipin at nanatiling nakatingin sa labas.

Okay lang. Unang araw pa lang naman nila. He had a month to do this. Uunawain niya ito at pagpapasensyahan. Kung kailangan nitong magsungit sa kanya, hahayaan niya ito, basta ba sa huli, makipagbati rin ito sa kanya.



Lumapag ang helicopter sa clearing malapit sa bahay nila na nasa tuktok ng bundok na siyang pinakamataas na punto sa isla. Silang dalawa ng piloto ang nagbaba ng mga gamit nila ni Coleen bago siya nakipagkamay sa lalaki at nagpaalam. Alam na nito kung kailan babalik para dalhan sila ng supplies.

Nang makaangat sa himpapawid ang helicopter, nilingon ni Seth si Coleen. Nataranta siya nang mapansing wala sa tabi niya ang asawa. Saglit siyang nag-alala na baka pumuslit ito pasakay sa helicopter at tinakasan siya bago niya nakita ang papalayo nitong likod. Naglalakad na ito papunta sa kubo nila.

Tumungo si Seth at dinampot ang backpack niya bago sinundan ang asawa. Mamaya na niya babalikan ang mga maleta.

Pinagmasdan niya si Coleen mula sa likuran. Nakasuot ito ng floral print na bestida na hanggang tuhod. Halos backless iyon maliban sa maninipis na straps na nag-e-ekis sa makinis nitong likod. Nililipad ang palda ng bestida nito pero maingat iyong hawak ni Coleen para hindi niya ito masilipan. Kasalukuyan ding nililipad ng hangin ang naka-ponytail nitong buhok.

Noong una niya itong makita, nag-a-apply siya ng trabaho sa bangko kung saan isa sa mga vice presidents ang ama ni Coleen. Nalaglag ang panga ni Seth at nablango ang utak niya nang dumaan ito papunta sa opisina ng daddy nito. Iniisip niya noon na kalahating anghel, kalahating diwata ang babaeng nakita niya.

Muntik pa siyang matalisod sa pagmamadali sa

pagbubukas ng pinto para rito. Nagulat ang guard dahil bigla siyang sumulpot sa tabi nito. At nang magpasalamat ang babae na may matamis at kiming ngiti, alam ni Seth na maririnig niya sa mga panaginip niya ang tinig nito.

Nakuha niya ang trabahong in-apply-an at siguro regalo na ni Lord na ang magiging boss niya ay ang ama nito. Naging malapit sila ni Mr. Anthony Palomares dahil siya ang naging assistant nito at madalas siyang naiimbitahan sa bahay ng amo.

Madalas silang magkita ni Coleen doon kaya hindi maiwasang naging magkaibigan sila. Hindi rin naiwasan na mahulog ang loob niya rito. Kinapalan niya ang mukha at nanligaw. At sa hindi niya malamang kadahilanan, sa kabila ng mga mas guwapo, mas mayaman at mas bagay ditong mga manliligaw nito, siya ang sinagot ni Coleen.

Saang universe na lang nangyayari ang mga ganoong klaseng milagro? Kaya hindi niya sasayangin ang relasyon nila. And she was crazy if she thought he'd let her go without a fight.

Inabutan niyang nakatingala si Coleen sa magiging tirahan nila nang isang buwan. Sa tingin ni Seth, pinasosyal lang iyong kubo. Yari sa kahoy at kawayan, medyo nakaangat iyon sa lupa kaya kailangang umakyat ng hagdan bago makapasok.

Nang maramdamang nasa tabi na siya nito, naglakad muli si Coleen at inakyat ang limang baitang papunta sa front door. Sumunod na rin siya. Binuksan iyon ng babae at nakita nila ang isang malaking silid.

“Wala man lang kuwarto,” masungit na puna ni

Coleen matapos nitong ikutin ng tingin ang buong bahay. Itinuro nito ang papag sa isang sulok. “At ’yan lang ang kama?”

“Ikaw na sa kama,” sabi ni Seth. “Maglalalatag na lang ako sa sahig, o kaya d’un ako sa sofa.”

Inirapan siya ng asawa saka ito naglakad palapit sa dining room/kitchen area.

May maliit na mesa at dalawang upuan doon. May kalan at mga gamit sa pagluluto sa kusina. May supply na rin ng mga delata doon at isang water dispenser. May isang malaking kulay asul na drum ng tubig sa sahig sa tabi ng lababo.

Bukas ang mga bintana at presko ang hangin na pumapasok kahit mainit ang araw. Tanaw nila ang karagatan mula sa kinatatayuan nila sa gitna ng kubo. The view alone was worth it.

Tinalikuran siya nito para puntahan ang banyo nila. Siya naman ay lumabas sa pinto papunta sa terrace kung saan may sofa na gawa sa kawayan. Inilapat ni Seth ang mga kamay sa ibabaw ng barandilya at pinagmasdan ang asul na asul na karagatan na kumikinang sa ilalim ng sinag ng araw na para bang sinabuyan iyon ng mga piraso ng salamin. Huminga siya nang malalim at nadamang kumalma ang puso niya.

It was going to be all right.

“Seth! Walang flush ’yung toilet!” basag ng matinis na boses ni Coleen sa katahimikan mula sa likuran niya.

“Walang running water,” napapangiwi niyang sagot.

“What?!” sigaw nito pabalik.

Mas malapit na ang tinig nito. Paglingon niya,

nakatayo ang nanggalaing asawa sa pintuan. “Paano tayo maliligo?”

“Sa ilog.”

“Sa ilog? Are you insane? Hindi ako maliligo sa ilog!”

“May balon naman. Ipag-iigib kita ng tubig,”

pasensyoso niyang sagot.

“Aba, dapat lang!”

Hindi niya namalayan na habang pinagmamasdan itong nakahalukipkip at nanlilisik ang mga mata sa kanya ay napapangiti siya. Kahit galit sa kanya, ang ganda pa rin ni Coleen.

“Eh phone signal, *Internet*?”

He was starting to feel sheepish. “Wala, eh. Wala pang malapit na cell site dito.”

“Kuryente?”

Napangiwi na siya. “Wala rin.”

He was actually prepared for her wrath, which was why when he saw tears instead, nag-panic siya. Tinalikuran siya ni Coleen at pumasok ito ng bahay. Sumunod siya rito.

Naupo ang asawa sa papag at tinakpan ng mga kamay ang mukha. Lumuhod siya sa harapan nito.

“Coleen.”

Napahilamos ito sa mukha bago idinaan ang mga daliri sa buhok nito. Namumula ang mga mata at ilong nito, at patuloy na namumuo ang luha sa magaganda nitong mata.

“I didn’t even want to be with you,” iyak nito. “I didn’t want to be here.” Tapos dinala mo ako rito kung saan walang tubig, walang kuryente, walang signal, walang

ibang tao, 'tapos aasa ka na makakausap mo ako nang matino? Ano 'to, parusa kasi gusto kong makipaghiwalay sa 'yo?"

"No." Kinuha ni Seth ang mga kamay nito. Itinago niya ang nadamang sakit nang bawiin nito ang mga palad.

"Wala ka bang alam sa mga babae? Kung gusto mong patawarin kita, dapat dinala mo ako sa Hong Kong, sa US... God, sa Paris! You should have bought me new clothes, expensive shoes, jewelry."

"Siguro nga wala akong alam sa mga babae, pero may alam ako tungkol sa 'yo," tahimik niyang saad. "You wouldn't have wanted the jewelry. Hindi 'yun ang hilig mo. At hindi kita dinala sa mga lugar na iyon dahil ayoko ng maraming tao. Gusto ko ng lugar na masosolo kita para sa 'kin ka lang mag-focus."

"Sa 'yo talaga ako magfo-focus," balik nito. "Sa 'yo ko ifo-focus ang lahat ng galit ko!"

Itinulak siya nito at muntik na siyang mapaupo sa sahig. Tumayo si Coleen para maglakad papunta sa terrace. Agad niya itong sinundan. Tumayo ito sa may railing at nahabag ang kalooban ni Seth nang makita ang lupaypay nitong mga balikat. Noon niya naisip na baka nga mali itong ginawa niya.

Pero hindi. Totoo kasi ang sinabi niya. Dito sa isla, sa kanya lang nito maaaring ituon ang atensyon, galit man iyon o ano. Mapapatunayan niya ritong kaya niya itong alagaan at na kaya niyang mabuhay nang malayo sa ibang tao basta kasama niya ito. Mapapatunayan niya rito na mahal niya ito at ito lang ang mahal niya.

“Do you want to talk about what happened?” tanong niya.

“No,” sagot ni Coleen, hindi inaalís ang mga mata sa mga kamao nitong nakapatong sa barandilya. At kung hindi parang hopeless ang tono nito, baka pinilit niyang makinig ang babae sa kanya. Pero sa ngayon, pagbibigyan niya ito.

“I don’t want to talk to you. I don’t want to be here. Pero dahil wala akong choice, sige, titira ako dito kasama mo pero hindi kita tutulungan. Ikaw ang magluto, maglinis, mag-igib ng tubig o kung anuman ang kailangang gawin dito. Hindi ako kikilos. Magbubuhay prinsesa ako rito. Kung gusto mong bigyan kita ng pagkakataong magpaliwanag tungkol sa ginawa mo, paghirapan mo.”

“Yun naman ang plano ko.” Siguro dahil nagulat, nilingon siya ni Coleen. Gustung-gusto niyang sapuhin ang mukha nito, pero pinigilan niya ang sarili. She wasn’t going to welcome his touch right now. Not yet. “I’m going to take care of you here, Coleen. Wala kang dapat alalahanin. Hindi ka magugutom dito o mai-inconvenience. Ako ang bahala sa ’yo.”

Nag-iwas itong muli ng tingin at ibinaling sa dagat ang mga mata. “Hindi ibig sabihin patatawarin na kita pagkatapos. I still want to have our marriage annulled.”

Lumapit siya at tumayo sa tabi nito. Sa height niyang 6’3”, lampas lang nang kaunti ang tuktok ng ulo nito sa balikat niya. She had always felt dainty in his arms, maliit, balingkinitan at babaeng-babae. Kasama iyon sa mga dahilan, bukod pa sa mahal niya ito, kung bakit ito

alagang-alaga sa kanya.

“Let’s make a deal,” simula ni Seth. “Alam kong galit ka sa ’kin at ngayon pa lang iniisip mo nang impyerno itong isla. But I want you to give me a chance. I’m going to do my best to make you smile. Susubukan kitang pangitiin kahit galit ka sa ’kin. Kapag napangiti kita, ibig sabihin bibigyan mo ako ng pagkakataon na baguhin ang isip mo tungkol sa annulment.”

Umiling si Coleen habang nakatingin pa rin sa malayo. “I don’t think you’ll be able to make me smile.”

“Then there’s no harm in letting me try. Kung ’yan ang paniniwala mo, then you have nothing to lose.”

Matagal itong tahimik bago siya tiningala. “Make me smile twenty-five times,” hamon nito. “One smile for every week we’ve been married. Kung mapapangiti mo ako nang twenty-five times bago tayo bumalik ng Manila, then yeah, I’ll listen to your explanation.”

“All right. Deal.” Inilahad ni Seth ang palad para makipagkamay rito. Tiningnan ni Coleen ang kamay niya bago iyon inabot. His fingers closed over hers in a way that made him feel as if a hand squeezed his heart. Miss na miss na niya ang asawa.

“I’m not going to make it easy,” babala nito.

“I didn’t think you would,” he said, then he lifted her hand to his mouth to kiss the back of her fingers.

Sa palagay niya, fair pa nga ang hamon nito kung tutuusin. Madali kasi para sa kanya ang pangitiin at patawanin si Coleen noon, noong hindi pa ito galit sa kanya. Kilala rin niya ito, mabait itong tao at hindi marunong magtanim ng sama ng loob. Hindi patas dito

kung basta-basta niya ito mapapangiti gayong gusto pa nitong manatiling galit sa kanya. Ayaw niyang mapilitan lang itong makipag-usap sa kanya dahil sa kasunduan nila.

Tama lang iyong twenty-five smiles. Siguro naman, pagkatapos niya itong mapangiti nang dalawampu't limang beses sa loob ng isang buwan, wala na ang galit nito sa kanya.

And that was what he really wanted.

“Baby, ano’ng gusto mong ulam?” tanong ni Seth.

“Kahit ano,” sagot ni Coleen, walang emosyon ang tinig.

“Hindi ako marunong magluto n’un.”

No response. Nakornihan yata.

“Pork adobo, gusto mo?” Siguradong nag-thaw na ang pre-chilled na karne sa cooler. Patunaw na rin ang bloke ng yelong kasama niyon nang silipin niya kanina.

“Bahala ka na.”

“Pork adobo it is.” Ima-marinate na rin niya ang chicken para sa tanghalian nila bukas.



Chapter *Two*

Buong gabing miserable si Coleen. Hindi siya nakatulog dahil namamahay siya. Matigas ang papag at manipis ang kutson niya, malayong-malayo sa queen-size bed nila ni Seth sa mansion. Isa pa, ginaw na ginaw siya kahit pa nakasara ang mga bintana. Parang nanunuot sa mga dingding ang lamig sa labas at kulang ang manipis niyang kumot.

Isa pang dahilan ay hindi niya katabi si Seth. Alam niyang hindi komportable sa hinihigaan nitong kawayang sofa ang lalaki. Matigas din iyon at sa tangkad ni Seth, malamang hindi ito kasya roon. Pero dahil pamilyar sa kanya ang tunog ng paghinga nito, alam niyang mabilis itong nakatulog matapos nitong mahiga kagabi. Siguro dahil sa pagod dahil sineryoso niya na hindi ito tulungan. Ito ang nagbuhat ng mga maleta nila, nag-ayos ng bahay, naglinis ng banyo at

nagluto noong nakaraang gabi.

Nakatulog din siya kahit paano, pero parang hindi rin siya nakapahinga nang magising kinaumagahan. Nang magmulat siya, nakabangon na si Seth at nagluluto na ng almusal.

Bumangon na rin si Coleen at nilingon siya ng asawa. Ngumiti ito sa kanya. “Good morning, baby.”

Hindi niya tinugon ang ngiti nito. Itinupi niya ang kumot saka siya nagbanyo. Hindi yata talaga siya masasanay na walang flush ang toilet. Buti na lang at puno ng tubig ang drum sa banyo kaya maraming pambuhos.

Paglabas niya, tapos nang magluto ng almusal si Seth. Cinnamon French toasts at scrambled eggs, ang “special” breakfast nito. Nagpapapogi ang lalaki.

Expectant itong nakangiti sa kanya pero hindi niya iyon tinugon. Pa-hard-to-get muna siya.

“Nakatulog ka ba?” tanong nito.

“Hindi,” suplada niyang sagot.

“Pasensya ka na, ha. Hindi kasi ako naka-order kaagad ng matinong kutson—”

“Gusto kong maligo,” sabat niya. “Kulang ’yung tubig sa banyo.”

“Isasalin ko na lang d’un ’yung tubig sa drum sa kusina. Mag-iigib ako ulit mamaya.”

Hindi na siya sumagot at nagsimula nang kumain. She had to stop herself from sighing with pleasure. Paborito kasi talaga niya ang French toasts ni Seth.

Nagsisimula na rin siyang makonsyensya sa

pagiging masungit niya rito.

Hindi puwede ito. Kailangan nitong paghirapan ang matamis niyang mga ngiti.



Siniguro niyang ubusin ang tubig sa banyo nang maligo siya. Paglabas niya, nagsasalin na si Seth ng isang timbang tubig sa drum sa kusina. Ngumiti lang ito sa kanya nang magtama ang mga mata nila, saka muling kinuha ang mga timba at lumabas ng bahay.

Nakapagbihis na siya nang bumalik ito, puno na ang mga dalang timba. Medyo natagalan ito bago nakabalik at pawis na pawis. Nakita na lang niyang sinusundan niya ng tingin ang malapad at maskulado nitong likod papunta sa banyo. Nakadikit na kasi ang T-shirt nito roon dahil sa pawis.

Gaano kalayo ba iniigiban nito?

Hmp, lampake. Tuyuin nito ang buong Pacific Ocean sa kaiigib. Saka niya pag-iisipan ang pagpapatawad dito.

Lumabas siya sa terrace para doon tumambay.

Actually, kung hindi niya iisipin ang kawalan ng tubig at kuryente, it wasn't so bad. Maganda kasi sa isla. Hindi matatawaran ang 360-degree view ng karagatan.

Na-tense siya nang lumabas si Seth sa terrace na may dalang kung ano. Sinundan niya nito ng tingin nang tunguhin nito ang kabilang dulo ng terrace. Ibinaba nito sa sahig ang hawak nitong nakatuping parang net saka hinila ang tali sa dulo niyon. Kumunot ang noo niya sa kuryosidad nang makitang itinali ni

Seth iyon sa haligi ng terrace. Mabagal na napaawang ang mga labi niya nang ma-realize kung ano ang ginagawa nito.

Muling tumungo si Seth at hinawakan ang tali sa kabilang dulo ng duyan saka ito naglakad patungo sa kabilang dulo ng terrace at itinali rin iyon sa kabilang haligi.

The sneaky ass! Alam nitong matagal na niyang gusto ng duyan sa bahay pero wala silang mapaglagyan. Pagkatapos ngayon, nagkabit ito ng duyan sa isa sa pinaka-perfect na lugar, sa terrace kung saan presko ang hangin at may view siya ng dagat.

Matapos ikabit ang duyan, maingat na naupo si Seth roon para siguruhin na secure ang pagkakabuhol nito sa mga tali. Nang hindi ito nalaglag, muli na itong tumayo at pumasok sa loob ng bahay.

Pilit na hindi pinapansin ni Coleen ang duyan pero halos marinig niyang inaakit siya nito. Kunwari hindi siya roon nakatingin nang lumabas ulit si Seth na may dalang kumot. Inilatag nito ang kumot sa duyan saka siya binalingan.

“Dito ka na,” aya nito sa kanya. “I know you’ve always wanted one kaya siniguro ko na may pagkakabitan ako nito dito.” Inilapit nito ang duyan sa kanya at halos madama ni Coleen na nakahiga na siya roon at hinehele na. She was sure it would feel amazing. “Mahiga ka na. Dadalhan kita ng merienda.”

Nalimutan niya ang sinabi niyang magpapa-hard-to-get siya dahil hindi na siya nagpapilit.

Nahiga na siya sa duyan.

Oh, God!

Pakiramdam niya bata siyang nakuha mula kay Santa Claus ang lahat ng hiniling niya pagdating ng Christmas morning!

“One.”

Mabilis niyang binalingan si Seth. May maliit na ngiti ito sa mga labi.

“Ano?”

“That’s one smile,” sabi nito. Mas lumaki ang ngisi nito nang bigla siyang sumimangot nang ma-realize niyang napangiti na nga siya nito nang walang kalaban-laban. At nang mag-iwas siya ng tingin, mahinang tumawa si Seth.

“Ikuha mo ako ng juice,” utos niya rito para pagtakpan ang pagkadismaya. Never niyang ginamit ang tono na iyon kahit sa mga kasambahay nila, iyong parang typical na supladang señorita na mapapanood sa mga pelikula. Hindi kasi siya ganoon, pero parang appropriate gamitin ngayon kay Seth. *Ungas na ’yun.*

“Opo, Señorita,” natatawa nitong sabi bago nagsimulang pumasok.

“Buko juice ang gusto ko,” habol niya.

Natigilan ang asawa at muli siyang binalingan. “Ah, wala akong dalang buko juice. Orange ’tsaka pineapple lang ang dala ko.”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Hindi ba puno ng buko ’yung nasa labas?”

Kumurap pa si Seth nang mapagtantong inuutusan niya itong umakyat sa puno ng niyog. Huminga ito nang malalim. “Baby ko, sa isang linggo pa babalik

'yung helicopter. Kung aakyat ako ng puno, malaglag at mamatay, wala kang ibang kasama rito. Kaya mo ba akong ilibing na ikaw lang? Kasi kung hindi—”

“Pineapple na lang.”

He grinned. “Wokey.”

Nag-iwas siya ng tingin sa lalaki pero kinagat niya ang pang-ibaba niyang labi dahil natatawa siya. Nakakainis! Napangiti lang siya nito nang isang beses, parang tuluyan nang humina ang defenses niya rito.

Hmp. O, eh ano ngayon? Isang ngiti pa lang iyon. He still had twenty-four to go. Kailangan niyang mas mag-ingat. Hindi puwedeng ganoon-ganoon na lang siya *naisahan* nito.



Kinailangang pigilan ni Seth ang mapadaing dahil sa sakit ng katawan nang mahiga sa ibabaw ng mga kubrekamang inilatag niya sa sahig. Doon na siya matutulog. Mas komportable kasi siya roon kaysa sa maiksing sofa. Masakit ang katawan niya matapos ang dalawang araw na pagbubuhay, pag-iigib at pagiging houseboy ni Coleen pero ayos lang iyon kay Seth. Napangiti na niya ito.

Something was always easier to do after the first time, di ba? Siguro naman mas madali na niyang mapapangiti si Coleen mula ngayon.

Unti-unti na siyang nakakatulog nang marinig ang pag-ingit ng kama ng asawa. Naawa na naman siya kasi alam niyang hindi ito sanay sa matigas na higaan.

Prinsesa kasi talaga ang baby niya, pagkatapos

ngayon, pinapatulog niya sa papag. Bumangon siya at kinuha ang hinihigaan niyang kubrekama. Kung itutupi niya iyon at ilagay sa ibabaw ng kutson ni Coleen, baka magiging mas komportable ito.

Pero nang makalapit siya sa kama, nakita niyang nakatalukbong ito at namamaluktot. Hindi ito makatulog hindi dahil hindi komportable ang kama, kundi dahil giniginaw ito.

Ginawin nga pala si Coleen. Lagi silang naka-aircon sa bahay, oo, pero dahil lagi silang magkayakap, hindi ito giniginaw sa silid nila. Pero ngayon, dahil magkahiwalay sila ng tulugan—

“Coleen?” mahina niyang tawag.

Napabalikwas ito sa dilim at bumangon. “Kung sa tingin mo papayag akong matulog ka sa tabi ko—”

Ikinumot lang niya rito ang hawak niyang kubrekama. “Sana sinabi mo sa ’king giniginaw ka. Kagabi pa sana kita binigyan ng extrang kumot.”

“Okay lang ako.”

“No, you’re not.”

Muli itong nahiga at tinalikuran siya.

Nadama niyang nanigas ito nang maupo siya sa tabi nito.

“Coleen, you need to talk to me. Mali kasi na hindi natin pinag-uusapan kaagad ’yung problema natin. Kapag tumagal kasi, mas lalo mong pinapalalim ’yung sugat. Mas nabibigyan mo ng maling interpretation ’yung nangyari. O kung hindi naman, baka umabot sa punto na wala ka nang pakialam sa explanation ko. Mas gusto ko ’yung galit mo kaysa sa wala ka nang

pakialam.”

Hindi ito umimik. Maingat niya itong hinawakan sa balikat. “Coleen—”

“Good night, Seth.”

Tsk. Di gumana ang speech niya. Bumuntong-hininga siya. “Good night, Coleen.”

Tumayo na siya at bumalik sa sala. Nahiga siya ulit sa sahig pero hindi agad natulog. Pinakiramdaman muna niya kung makakatulog na nang maayos si Coleen. Nang hindi na muling umingit ang kama nito, saka lang siya pumikit.

Dalawang araw pa lang sila sa isla. He still had more tricks up his sleeve. Mamaniin lang niya iyong natitirang twenty-four smiles.



Chapter

Three

“Wala bang ibang puwedeng gawin dito?” tanong ni Coleen kinabukasan matapos ang maghapon na naman nilang pagtambay sa bahay. Wala nang baterya ang phone at *iPad* nito at sa sobrang boredom, napilitan na itong kausapin siya.

Nagpatuloy si Seth sa pagwawalis, kunwari hindi ikinatuwa na kinausap na siya nito. “Eh sabi ko naman sa ’yo p’wedeng magbabad d’un sa ilog, kaso ayaw mo.”

“Maganda ba d’un?”

“Oo. Tahimik saka malinis. Magugustuhan mo d’un. Mas malapit dito ’yung sapa.”

Bumuga ito ng hangin. “Fine. Saan ’yun?” tanong nito na tila napipilitan lang.

Kinagat ni Seth ang loob ng pisngi niya. Kasama kasi ang ilog sa mga tricks niya para mapangiti si

Coleen. Alam niyang magugustuhan iyon ng asawa.

May isang bahagi roon na may malapad at malaking mga bato sa daraanan ng tubig kung saan puwede itong maupo at i-enjoy lang ang tubig. Mayroon ding isang series ng limang mabababang waterfalls o talon. Wala pa sigurong limang talampakan ang taas ng bawat isa. Lumublob na siya sa isa sa mga natural pools sa ibaba ng isa sa mga iyon. Sapat ang lalim para makalangoy siya.

Kapag nakita iyon ni Coleen, baka hindi lang isang beses itong ngumiti.

“Gusto mo bang magbihis o okay ka nang ’yan ang gamitin sa pagsu-swimming?” Pinagmasdan niya ang maiksing sundress na suot nito.

“Swimming? Titingnan ko lang ’yung ilog na sinasabi mo.”

“Maniwala ka sa ’kin, baby, pag nakita mo ’yun, gugustuhin mong mag-swimming.”

Umikot ang mga mata nito. Kahit pa sinabi ni Coleen na hindi ito maliligo sa ilog, kinuha na rin ni Seth ang basket nila ng toiletries mula sa banyo at ang mga tuwalya bago sila umalis.

Naglakad sila papasok sa maliit na kakahuyan sa dulo ng clearing palibot ng bahay nila. Ginawan sila ng trail ng mga trabahador doon kaya mas madali na ang bumaba ng bundok papunta sa sapa. Limang minutong lakad lang naman iyon.

Hindi nagtagal, naririnig na niya ang tunog ng lagaslas ng tubig. At nang tanaw na nila ang sapa,

sinulyapan niya si Coleen para hindi niya ma-miss kung sakaling ngumiti nga ito.

Namimilog ang mga mata nito at umawang ang mga labi habang papalapit sila nang papalapit sa sapa. At nang tuluyan na nitong makita ang mga waterfalls, noon na ito mabagal na ngumiti sa pagkamangha.

Hindi lang mga labi ni Seth ang napangiti kundi pati puso niya. “Two down. Twenty-three to go.”

Masaya siyang tumawa nang hampasin siya nito sa braso. Heto na, bumabalik na ang dating Coleen.

Lumapit sa gilid ng sapa ang babae. “Malalim ba?”

“Hindi naman. ’Yung malalim, ’yang pool sa baba ng waterfall sa gitna, hanggang dibdib ko.”

“So p’wede ako lumangoy?”

“Oo naman. O kung gusto mo, maupo ka lang sa gitna. Ingat ka lang kasi may ibang bato na madulas.”

Ibinaba ni Seth ang basket ng toiletries at mga tuwalya sa isang bato sa gilid ng sapa bago siya naghubad ng T-shirt.

“Hoy!”

Nakapamaywang na si Coleen nang tuluyan niyang maalis ang T-shirt niya.

“Ano sa palagay mo ang ginagawa mo?”

“Ah, mag-su-swimming,” simula niya.

“Paano ako lulublob kung nandito ka?” tanong nito na mapagmataas ang tono at kunot ang noo sa kanya.

“Babe, kasya naman tayo sa pool. Saka sabi mo kanina hindi ka lalangoy.”

“Nagbago na ang isip ko.”

“Okay. Di mag-swimming ka rin.” Ibinaba na ni Seth ang T-shirt niya sa isang tabi.

“Hindi ko sinabing samahan mo ako.”

“Sabi ko nga.” Napakamot siya sa batok at isinuot na lang ulit ang T-shirt niya. “Sige, babalikan na lang kita dito mamaya. Tama na ba sa ’yo ang isang oras?”

Tumango si Coleen at sumenyas siya sa daan pabalik sa kubo bago ito tinalikuran. Lulugo-lugo siyang naglakad palayo. Puwede naman niyang taluntunin ang daan papunta sa ilog at doon maglangoy, pero parang nawalan na siya ng ganang maligo.

Natukso siyang bumalik para panoorin ito. Hindi siya maninilip! Concerned lang kasi siya na baka bigla itong madulas o malunod. Di na baleng parang sirena kung lumangoy ang asawa. Protective lang talaga siya. Saka mamaya baka maghubad kasi—

Bastos ka rin. Bobosohan mo pa si Coleen!

Nag-aalala lang ako! Baka magka-sunburn!

Nalimutan ko sa bahay ’yung sunblock!

Imbes na umuwi, naglakad-lakad lang si Seth sa malapit para kung sakali mang may mangyari, maririnig niya kung bigla itong sumigaw. Namitas na rin siya ng mga bulaklak. Baka sakaling mapangiti niya ito ulit mamaya pagbalik niya sa sapa. Sayang din ang pagkakataon.



Yakap ni Coleen ang sarili habang pinagmamasdan ang sapa. It was one of the most beautiful places she had

ever seen. Tama si Seth. Malinis doon at malinaw ang tubig. Nakikita niya ang mga batu-bato sa ilalim niyon. At nang ilublob niya ang mga daliri ng isa niyang paa sa tubig, malamig iyon, masarap sa pakiramdam sa gitna ng mainit na panahon.

Lumingon siya sa direksyong pinuntahan ng asawa. Hindi na niya ito matanaw. Kinagat niya ang labi nang may kapilyahang naisip. Sila lang naman ni Seth ang nasa isla, di ba? Ano kaya kung mag-skinny dip siya? The place definitely called for it.

She had never done this before. At saka saan at kailan pa ba niya ito puwedeng gawin kung di dito at kung di ngayon?

Huminga siya nang malalim pagkatapos ay buong tapang na hinubad ang sundress niya. At nang nadarama na niya ang init ng araw at ang ihip ng hangin sa balat niya, masaya siyang bumungisngis. She had no idea it would be this liberating, this empowering, to be naked outdoors. Kaya hinubad na rin niya ang natitira pa niyang mga saplot.

Ibinaba ni Coleen ang mga damit sa ibabaw ng isang mababang bato bago lumusong sa tubig malapit sa talon. Hanggang dibdib niya ang pinakamalalim na bahagi sa gitna niyon. Parang bata siyang nagtampisaw, lumublob at lumangoy. She floated over the surface to let the sun warm her breasts, her belly and her thighs.

The water was also so clear and the place, so beautiful, it made her feel like Eve in paradise.

Sige na, aaminin na niya. It wasn't so bad to be in the island. It really did feel like her and Seth's private

paradise. She giggled again, then rolled over the surface of the water to she could dive beneath. Then she indulged herself by shooting up like a mermaid, flipping her hair back, making crystal drops fly in an arc, before sinking back into the water. She laughed happily, amused at herself.

Pero nauwi sa tili ang tawa na iyon nang makita niya ang lalaking nakatayo sa gilid ng sapa, nakatulala sa kanya habang may hawak na isang pumpon ng mga bulaklak.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” tili niya na nakakrus ang mga bisig sa ibabaw ng dibdib. As if hindi pa nakikita ni Seth ang lahat-lahat sa kanya! At di lang nakita, natikman pa!

Tila natauhan naman ito na agad ipinilig ang ulo. “Sabi mo sunduin kita pagkatapos ng isang oras.”

“Isang oras na ba?” sikmat ni Coleen na mataas pa rin ang boses.

Itinaas nito ang bisig na may suot na wristwatch, hindi inaalís sa kanya ang mga mata. “One hour, ten minutes na. Saka malapit nang lumubog ang araw. Wala tayong dalang ilaw.”

Sumimangot siya sa lalaki, pero may point ito. Almost four na sila umalis ng bahay.

“Fine.” Nagsimula na siyang maglakad palapit bago niya na-realize na kapag umahon siya, makikita ni Seth ang kahubdan niya. Hindi pa siya ready ulit na humarap dito nang walang saplot. Inilahad niya ang kamay. “Akin na ’yung dress ko.”

Hindi pa rin nito inaalís ang paningin sa kanya

nang tumungo ito at kinapa-kapa ang balumbon ng mga gamit niya sa bato. Namula siya nang mapunta sa panties niya ang kamay nito. At nang makilala ng lalaki ang hawak, mabilis nitong inangat ang underwear at tiningnan iyon na namimilog ang mga mata.

“You’re really naked,” halos pabulong nitong sambit.

Umikot ang mga eyeballs niya. “Just give me my clothes ba—what do you think you’re doing?” tili niya nang ibaba nito ang hawak na mga bulaklak at nagsimula na ring maghubad.

“Iaabot sa ’yo ang mga damit mo.”

“At kailangan mo talagang maghubad para gawin ’yun?”

“Maliligo na rin ako. Hindi pa ako naliligo, eh.”

She squeaked when he started to unbutton his shorts. Pagkatapos ay mabilis siyang tumalikod nang hilahin iyon paalis ng asawa. “Bastos!”

“Sus! Para namang hindi mo pa nainspeksyon lahat ng mga nunal sa katawan ko.”

Sa sinabi nito, bigla niyang naalala ang placement ng mga nunal nito, lalo na iyong paborito niyang kagat-kagatin sa gilid ng leeg nito at iyong isa na naroon sa ilalim lang ng V-line sa kanan nitong balakang.

Mas inilubog ni Coleen ang sarili sa tubig nang marinig na lumusong na rin ito. At nang tapikin nito ang balikat niya, hinablot niya ang bestida niyang nabasa na rin. Nagmamadali niyang isinuot iyon bago siya mabilis na umahon at naglakad pabalik sa pampang.

“Saan ka pupunta?” habol nito sa kanya.

“Mauuna na akong umuwi!” Dinampot niya ang tuwalya at underwear niya.

“Baka maligaw ka.”

“Derecho sa bahay ’tong trail na ’to. Tanga na lang ako kung hindi ako makakauwing mag-isa.”

“All right. Ingat ka lang kasi baka may ahas, ha.”

Impit siyang tumili sa takot bago nagmamadaling bumalik at nakitang nag-fo-floating si Seth sa ibaba ng talon. At nakita talaga niya ito mula sa guwapo nitong mukhang relaxed na relaxed ang hitsura, pababa sa tila nililok nitong dibdib, abs, maskuladong mga hita at ang pagkalalaki nitong nasa pagitan niyon na kahit hindi aroused ay medyo, um, substantial ang laki.

Hindi, hindi talaga siya naglaway.

“Bilisan mo d’yan!” sigaw niya rito na matinis na naman ang boses. “Akala ko ba malapit nang dumilim!”

Nagsimula itong umahon mula sa tubig at naglakad palapit sa pampang. Kung pakiramdam niya si Eve siya kanina, ngayon naman parang nakita na niya ang hitsura ni Adam sa Garden of Eden. Gusto tuloy niyang kumagat sa forbidden fruit, Lord!

Napasinghap si Coleen at bago pa niya makita ulit ang ipinagmamalaki nitong *fruit* at bago pa siya tuluyang matukso, mabilis siyang tumalikod.

“Sandali lang. Magsasabon lang ako,” sabi nito.

Napapikit si Coleen nang maalalang hindi pa siya nagsasabon at nagsha-shampoo, pero hindi niya aaminin iyon. She wasn’t going to tell him—

“O, ba’t tuyo pa ‘yung sabon? Di ka pa ba naliligo?”

“Sa bahay na lang ako maliligo,” sikmat niya.

“Coleen, nandito na tayong. Dito ka na magsabon. Sayang naman ’yung ipong tubig sa banyo kung d’un ka pa maliligo.”

“Bakit? Nagreklamo ka bang ipinag-iigib mo ako?”

“Hindi naman,” kalmado nitong sagot. “Kaya lang sayang din ’yung oras. Nandito ka na, eh.”

Napatiim-bagang siya. Kahit gusto niyang magpakamaldita, hindi pa rin niya makuhang maging unreasonable.

She half-turned her head. “Magsuot ka ng shorts.”

“Nagsasabon na ako,” sagot nito. “Huwag kang mag-alala, dito lang ako sa bandang malalim para hindi mo makita si Little Seth.”

Saglit siyang nag-isip kung papayag na siya. Mababa na nga talaga ang araw sa kalangitan. Sige na nga!

Saka kaysa naman tumayo lang siya roon habang hinihintay ito. Takot lang din niyang umuwi mag-isa kung may ahas nga sa trail.

Sinulyapan niya ang lalaki. Nag-sha-shampoo na ito at puro bula na ang buhok at dibdib. Gaya ng sinabi nito, hindi ito umahon. Hanggang baywang nito ang tubig.

Bumuntong-hininga si Coleen at ibinaba ang underwear niya sa bato, bago siya bumalik sa tubig. Hindi siya lumusong, naupo lang siya sa isang flat na bato sa bandang gilid. Maingat na inihagis ni Seth sa kanya ang bote ng organic shampoo. At least hindi nila mapo-pollute ang tubig.

Nag-shampoo siya, lumublob sa tubig bago nag-

conditioner, saka niya sinabon ang sarili sa ilalim ng bestida. She wasn't going to take it off and give Seth a show. Again.

Tapos na itong maligo pero nakatayo pa rin sa gitna ng tubig, pinapanood siya. Nang sulyapan ito ni Coleen, nakadama siya ng init sa sikhura na mabilis na bumaba sa pagitan ng kanyang mga hita. He was looking at her so hungrily that she was surprised he didn't just grab her and drag her to the ground to have his way with her.

Pero isa pa iyon, sa katawan niya ito nakatingin na para bang nakikita na nito ang lahat ng itinatago niya. Kunot-noo niyang tiningnan ang sarili bago siya napaigik. Noon lang niya napagtanto na ubod ng nipis nga pala ng bestidang suot niya kaya nang mabasa iyon, naging transparent na ang tela. Kitang-kita ang outline ng nipples at ng pagkababae niya.

Sumiklab ang init at kulay sa mga pisngi ni Coleen. Agad siyang lumublob sa tubig para magbanlaw. At nang muli siyang umahon, nagmamadali siyang nagtungo sa bato kung saan nito inilapag ang mga tuwalya nila kanina. Binalot niya ang tuwalya sa basang katawan.

“Bilisan mo! Palubog na ang araw.”

“Ah, ano, sandali lang,” anito na nangingiwi.

“Bakit na naman?” Napipikon na siya.

“Gising kasi si Little Seth. Kapag umahon ako at nakita mo siya, baka hindi ka makapagpigil. Wala pa naman tayong kasama rito. Walang makakarinig sa 'king manghingi ng saklolo. Hoy! Saan ka pupunta! Sige

ka, may ahas d'yan!”

Wala na siyang pakialam kahit si Nicki Minaj na may bitbit na anaconda pa ang makasalubong niya. Tuluyan na niyang nilayasan si Seth.

Pero hindi naman siya magsisinungaling sa sarili. Iniwan niya ito hindi dahil naiinis siya. Iniwan niya ang lalaki dahil natatawa siya rito. Nakakuha na ito ng ngiti sa kanya nang araw na iyon. Hindi niya ito bibigyan ng isa pa.

